


Impormasyon tungkol sa **Childcare Support Allowance** **Bilang Tugon sa Pagtaas ng Presyo** mula sa gobyerno

Magkakaloob ng benepisyo na 20,000 yen nang isang beses lamang para sa bawat isang batang kwalipikado!

■Una sa lahat...kailangan ba na mag-apply?

Bilang panuntunan, **hindi kailangan na mag-apply**.
Paalala) Para sa taong kailangan na mag-apply, pakisuyong tingnan ang "6" sa likod. Gayundin, para lamang sa hindi nagnanais tumanggap o sa nais baguhin ang account para sa benepisyo, pakisuyong makipag-ugnayan sa counter na nakalista sa likod bago ang ika-7 ng Enero.



1. Kwalipikado ba ang aking anak? [Batang kwalipikado]

Kwalipikado ang batang nakalista sa sumusunod.

- (1) Batang kwalipikado sa benepisyo ng child allowance para sa **buwan ng Setyembre 2025 (*)** (*Buwan ng Oktubre para sa batang ipinanganak noong Setyembre 2025)
- (2) Batang ipinanganak mula **Oktubre 1, 2025 hanggang Marso 31, 2026**

2. Sino ang maaaring makatanggap? [Taong kwalipikado para sa benepisyo]

Taong tumatanggap ng benepisyo ng child allowance na tinukoy sa (1) sa itaas, o tagapangalaga na tulad ng tinukoy sa (2) sa itaas na may malaking kakayahan na magbigay para sa kabuhayan ng pamilya

3. Magkano ang maaaring matanggap? [Halaga ng benepisyo]

20,000 yen sa bawat isang batang kwalipikado (isang beses lamang).

4. Kailan matatanggap? [Panahon ng pagtanggap ng benepisyo]

Sa lungsod ng Kitahiroshima, ang benepisyo ay sunud-sunod na ibibigay simula sa buwan ng Enero 30. Kung hindi makumpirma ang pagtanggap ng benepisyo pagkatapos nito, pakisuyong makipag-ugnayan sa counter na nakalista sa likod.

Paalala) Dahil kailangang mag-apply ng taong kabilang sa "6" sa likod, ang panahon ng pagtanggap ng benepisyo ay mag-iiba.

Nagpapatuloy sa likod. Siguraduhing kumpirmahin!

5. Paano matatanggap? [Paraan ng pagtanggap ng benepisyo]

(1) Taong tumatanggap ng benepisyo ng child allowance

Bilang panuntunan, ipapadala ang pera sa **account para sa pagtanggap ng child allowance sa panahon ng pagbabayad ng benepisyo sa Oktubre 2025 (*) o sa account na nakalagay sa notification form** (*Panahon ng pagbabayad ng benepisyo sa Disyembre para sa batang ipinanganak noong Setyembre 2025).

(2) Ang tagapangalaga ang nag-apply (Taong kwalipikado sa "6")

Ipapadala ang pera sa **account na tinukoy sa application form**.

Paalala) Kung hindi maisagawa ang pagpapadala dahil sa pagkansela o pagbabago ng account o iba pa, hindi babayaran ang benepisyo, kaya pakisuyong siguraduhing makipag-ugnayan sa counter na nakalista sa ibaba hanggang Marso 13, 2026.

6. Sa anong kaso kinakailangan na mag-apply?

Kailangang mag-apply bilang panuntunan ang mga nakalistang sumusunod na tao. Pakisuyong isumite ang kalakip na application form.

- Tagapangalaga ng batang ipinanganak sa pagitan mula Disyembre 1, 2025 hanggang Marso 31, 2026
- Empleyado ng gobyerno na may benepisyo ng child allowance mula sa kaniyang kinabibilangang ahensya (tingnan ang "Para sa empleyado ng gobyerno" sa ibaba)
- Tagapangalagang naging diborsiyado pagkatapos ng Oktubre 1 (kabilang ang mga nasa proseso ng pamamagitan ng diborsiyo) at ngayon ay kinakailangan na mag-apply para sa child allowance

7. Ano ang mangyayari sa ganitong sitwasyon?

■ Ano ang mangyayari kung lumipat ako ng tirahan?

Ipapadala ng munisipalidad (kabilang ang mga espesyal na ward) na nagbayad ng benepisyo ng child allowance para sa buwan ng Setyembre (Oktubre para sa batang ipinanganak noong Setyembre 2025) ang pera sa account para sa child allowance o sa account na nakalagay sa notification form. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, pakisuyong makipag-ugnayan sa munisipalidad bago ang iyong paglipat.

■ Tumakas ako kasama ang aking anak dahil sa pang-aabuso sa tahanan. Ano ang mangyayari?

Kung naisagawa mo na ang proseso upang baguhin ang taong tumatanggap ng benepisyo ng child allowance sa lungsod, bayan o nayon kung saan ka lumikas, matatanggap mo ang benepisyo ng allowance, kaya pakisuyong kumonsulta sa lungsod, bayan o nayon kung saan ka tumakas sa lalong madaling panahon. Hindi kailangang baguhin ang iyong sertipiko ng paninirahan o makipag-ugnayan sa lungsod, bayan o nayon ng iyong asawa.

~Para sa empleyado ng gobyerno~

Para sa empleyado ng gobyerno, pakisuyong kumpirmahin muna sa iyong kinabibilangang ahensya ang tungkol sa **proseso**. Gayundin, inirerekomenda ang pagpaparehistro ng account sa pagtanggap ng pampublikong pondo upang matiyak ang maayos na pagtanggap ng allowance. (Pakisuyong tandaan na ang simpleng pagrehistro ng account sa pagtanggap ng pampublikong pondo ay hindi kukumpleto sa proseso ng aplikasyon para sa allowance na ito.)

Para sa pakikipag-ugnayan (City Hall ng Kitahiroshima)

Tanggapan ng "Childcare Support Allowance Bilang Tugon sa Pagtaas ng Presyo"

Telepono: **0826-72-7350**

(Oras ng pagtanggap: Weekdays 8:30-17:15)

Para sa pakikipag-ugnayan (Pambansa)

Children and Families Agency Call Center

Telepono: **0120-252-071**

(Oras ng pagtanggap: Weekdays 9:00-18:00)



Mag-ingat sa scam sa bank transfer at pagnanakaw ng personal na impormasyon na may kinalaman sa "Childcare Support Allowance Bilang Tugon sa Pagtaas ng Presyo".

Maaaring makipag-ugnayan sa iyo ang lungsod ng ○○ sa iyong tahanan o lugar ng trabaho o iba pa, ngunit **hindi kailanman hihilingin sa iyo na gumamit ng ATM (automated teller machine) o magpadala ng pera para sa bayarin ng benepisyo o iba pa**. Kung mangyaring makatanggap ka ng kahina-hinalang tawag sa telepono, pakisuyong tumawag agad sa tanggapan ng lungsod ng ○○, sa pinakamalapit na istasyon ng pulisya, o sa hotline ng pulisya (#9110).